



## Pag-aaral Sa Pamamagitan ng Laro sa Paligid ng Kamusmusan

TAGALOG

### Ano ang laro?

Ipinakikita ng mga pag-aaral sa buong mundo na ang mga bata ay natututo at umuunlad habang sila ay nasasangkot sa makabuluhang mga karanasan batay sa laro.

*"Ang laro ay mahalaga para pasiglahin at pagsamahin ang malawak na saklaw ng mga kakayahang pang-intelektwal, pisikal, panlipunan at pagka-malikhain ng mga bata. Ginagamit ng mga epektibong pagsasanay sa maagang pagkabata ang pinagsanib na mga pamamaraan sa pagtuturo at pagkatuto para suportahan ang tuluy-tuloy at pinagsamang mga pakikipag-ugnayan sa mga bata. Sa pamamagitan ng laro at ibang mga oportunidad natututo ng mga bata kung paano maunawaan at makapagbuo ng mga ideya tungkol sa panlipunan at natural na mundo, mga tao, lugar, bagay-bagay at karanasang nasasagupa nila araw-araw.*

- VEYLDF, 2016, PH. 14

Ang laro ay natural na dumarating sa inyong anak at isang importanteng bahagi ng kanilang pagkatuto at pag-unlad. Tumutulong ang laro sa inyong anak upang maunawaan nila ang kanilang mundo at patuloy na bumuo ng isang matibay na kahulugan ng pagkakakilanlan. Sa pamamagitan ng laro, ang inyong anak ay maaaring maglarawan sa isip, magpanggap, lumikha, gumalugad, mag-imbetiga, makipag-usap, magtanong, magsalita, makinig, mag-isip, makiramdam, humawak at umamoy. Kinapapalooban ng laro ang pakikipag-ayos, paglutas ng problema, pagsuong sa mga panganib, pagsubok ng mga bagong bagay, at pag-alam kung paano umaaandar ang mga bagay. Matututo ang inyong anak tungkol sa kanilang sarili at ibang tao, malalaman ang mga tuntunin ng laro, makipag-kaibigan, bumuo ng mga relasyon at magtiwala sa mga taong nakapaligid sa kanila kabilang ang kanilang mga guro at ibang mga bata.

Kung minsan, ang mga bata ay maglalarong mag-isa, magkikipaglaro sa isa o dalawang mga bata at maglalaro sa maliit o malaking grupo ng mga bata. Ang laro ay maaaring maging maingay o tahimik, pasibo o aktibo.

*"Ang mga oras ng hindi inaabalang paglalaro ay nagbibigay sa mga bata ng panahon na mag-imbento, mag-imbetiga at magdiskubre, gamit ang mayamang sari-saring mga materyales at mapagkukunan.*

- VEYLDF, 2016, pg. 21

### Pag-aaral sa pamamagitan ng Laro

Magpapalano ang mga guro at tagapagturo ng isang programa upang tugunan ang mga indibidwal na interes at pangangailangan ng bawat bata na dumadalo sa serbisyong. Maaari nilang gawin ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng isang malawak na saklaw ng mga karanasang batay sa laro sa isang kapaligirang bukas ang pag-aaral, kung saan ang mga bata ay may kalayaang pumasok at lumabas sa mga espasyo.

Mayroong mga ilang pormal at dinirektang gawain, tulad ng musika, mga kuwento at talakayan. Para sa malaking bahagi ng araw, ang mga bata ay magdedesisyon nang mag-isa kung saan nila gustong maglaro, sino ang magiging kalaro, at gaano kahaba ang oras na ilalaan sa isang partikular ng gawaing laro. Magbibigay ang mga tagapagturo ng suporta at gabay kung mangangailangan ng tulong ang mga bata.

Gagamit ang mga tagapagturo ng ibat-ibang mga paraan ng pagtuturo upang suportahan ang mga bata sa pagpapaunlad ng kanilang pagmamahal sa pag-aaral, maging mapag-usisa, mapagtanong at interesado sa kanilang mundo at sa mga taong nakikilala nila. Maaari nilang gabayan ang laro, pangunahan ang laro, o obserbahan ang mga bata sa paglalarong kanilang pinangasiwaan.

## Ano ang natututuhan ng mga bata habang naglalaro?

Nagbibigay ang laro sa mga bata ng mga oportunidad na mag-usap at magtanong, bumuo at magpraktis ng bokabularyo at wika, karunungan sa pagbasa, pagsulat, pagbilang at kasanayang panlipunan. Sa pamamagitan ng laro, ang mga bata ay natututo kung paano makipag-usap at makipag-ugnay sa ibang tao.

Ginagamit din ng mga bata ang kanilang imahinasyon upang isadula ang kanilang naobserbahan, halimbawa:

- Pagpapanggap na naghahanda ng mga pagkain
- Nag-aalaga ng isang sanggol
- Bilang isang bumbero, doktor o may-ari ng tindahan

Nakakatulong itong maunawaan ng mga bata at mabigyang kahulugan ang kanilang mundo at komunidad.

*"Ang dramatikong laro ay mahalaga sa paggalugad ng ibat ibang mga pagkakakilanlan o pananaw, kabilang ang kuru-kuro sa pagiging kabilang sa mga komunidad na pandaigdigang. Ang mga bata ay dapat na tulungang mapahalagahan ang mga pagkakatatulad at pagkakaiba sa pagitan ng mga indibidwal at mga grupo, at upang irespeto ang mga magkakaibang pananaw.*

- VEYLDF, 2016, pg. 18

Habang ang inyong anak ay naglalaro, makikipag-ayos sila sa mga tuntunin upang matulungan silang maintindihan ang mga pag-uugaling katanggap-tanggap sa iba. Halimbawa, maaaring magbuo ang mga bata ng mga tuntunin sa paghihintayan kung sino ang susunod na gagamit ng swing. Ang pagpayag sa mga batang sumali sa pagbuo ng mga tuntunin na makatutulong maging ligtas ang lahat, pangangalaga sa mga kagamitan at pagsuporta sa pagkakatantay-pantay at katarungan, ay makatutulong sa kanilang mga kasanayang pang-kaisipan at paglutas ng mga problema, at sumusuporta sa pag-unlad ng kanilang kakayahang pang-komunikasyon at panlipunan gayundin ang kanilang kakayahang bumasa at bumilang.

Sa kanilang paglalaro, ang mga bata ay makapagpapaunlad ng kanilang kasalukuyang kaalaman at mga ideya sa bago at kawili-wiling mga paraan.

Maaaring ulitin ng mga bata ang ilang mga gawain nang ilang ulit, tumanggap ng mga hamon at natututo at nagpa-praktis ng mga kasanayan, gaya nang:

- pag-akyat sa isang mataas na lugar nang mag-isa
- pagkatuto sa pagbuo ng jig-saw puzzle
- pagsuot ng kanilang sariling mga damit o kasuotan sa paggawa ng sining (art)
- pagbalanse sa isang makitid na barakilan
- paggamit ng gunting nang mag-isa
- paglukso
- pagtulak sa kanilang sarili sa isang swing.

Ang mga tagumpay na ito, malaki o maliit, ay nagbibigay-kasiyahan sa mga bata, kanilang mga pamilya at para sa mga tagapagturong sumusuporta sa kanilang pag-aaral.

Ang laro ay nagbibigay sa mga bata ng oportunidad na: magdiwang, sumikat, magtagumpay, magkamali, magpraktis, sumubok ng bagong impormasyon o mga kasanayan, bumuo ng mga opinyon at magpakadalubhasa sa bagong mga kasanayan at kaalaman.

Ang paglalaro ay ang paraan kung paano natututo ang inyong anak.

---

### Mga Sanggunian (References)

Department of Education and Training, 2016. (*Victorian Early Years Learning and Development Framework*).